## Certificate in Biblical Studies
## CBS400 Ang Mga Hari

### CBS403 David at Goliath
**Conrad Jun Tolosa**

Nang ang mga Israelita ay unang pumasok sa lupain ng Canaan, sila ay nakatagpo ng iba't ibang katutubong mga tao, kabilang ang mga Filisteo, na naninirahan sa mga baybayin. Ang mga Filisteo, isang matapang at mandirigmang mga tao, ay nagdulot ng malaking hamon sa mga Israelita habang sinasakop nila ang lupain na ipinangako sa kanila ng Diyos.

Sa panahon ng mga hukom, ang mga Israelita at mga Filisteo ay nagbakbakan ng maraming beses. Isa sa mga bakbakang ito ay ang ginawang pagpatay ni Shamgar, na isang hukom, sa anim na raang Filisteo gamit ang isang buntot ng toro (Judges 3:31). Si Samson naman, na isa ring hukom ng Israel ay pumaslang ng sanlibong Filisteo gamit lamang ang buto ng panga ng isang donkey (Judges 15:15-16).

Ang mga Filisteo ay naging paulit-ulit na kalaban ng mga Israelita dahil sa kanilang pagtatangkang makuha ang control ng mga pangunahing lupain at mga ruta ng kalakalan sa rehiyon.

Dumating ang panahon na, labas man sa Kanyang kagustuhan, binigyan ng Diyos ang mga Israelita ng hari na kanilang hiniling kay Propetang Samuel. Sa panahong iyon ng mga hari, patuloy pa rin ang labanan ng dalawang lahi; Israel laban sa Filisteo.

Minsan nang panahon ni Haring Saul, nang ang dalawang hukbo ay nagtapatan sa magkabilang bundok, isang gahiganteng kampion ng mga Filisteo na nagngangalang Goliath ang naghamon ng isahan – siya at kung sinuman sa hukbo ni Haring Saul ang nais sumagupa sa kanya.

Araw at gabi sa loob ng 40 days, hinamak ni Goliath ang mga Israelita, hinihimok sila na magpadala ng kampion upang harapin siya sa isang one-on-one na labanan. Subalit, walang sinuman sa mga Israelita ang makapaglakas-loob na humarap sa nakasisindak na mandirigma ng mga Filisteo.

Samantala, habang ang pangyayaring ito ay nagaganap, tinawag ni Jesse na taga-Bethlehem ang kanyang bunsong anak na si David upang dalhan ng pagkain ang kanyang mga anak na kasama sa hukbo ni Haring Saul.

Si David ay isang binatilyong nagpapastol ng kawan ng kanyang ama sa dako ng mga burol sa Bethlehem. Walang atubili na sumunod ang binatilyong pastol.

Pagdating sa battlefield, nasaksihan ni David ang takot at pag-aalanganin ng mga sundalong Israelita sa harap ng naghahamon na kampion ng mga Filisteo. Punong-puno ng matatag na pananampalataya sa Diyos, nag-volunteer si David na harapin si Goliath na halos sampung talampakan ang taas.

Kahit na may pangamba at pagtanggi mula kay Haring Saul, nanatili si David na matatag sa kanyang determinasyon na harapin ang lapastangang mandirigma. Armado lamang ng tirador ng pastol at ilang makinis na bato mula sa ilog, nilapitan ni David si Goliath nang buong tapang at pagtitiwala sa Diyos.

Habang papalapit ang nagmumurang Goliath, nanatiling matatag si David na biglang sumigaw, *Ikaw ay ay may hawak na tabak at sibat, ngunit ako ay humaharap sa iyo sa ngalan ng Panginoon ng mga hukbo ng Israel, na iyong nilalapastangan.*

Ang pinakawalang bato ni David mula sa kanyang tirador ay sumapol sa noo ng gahiganteng mandirigma. Lumagabog sa lupa ang nabuwag na lapastangan. Nagtagumpay ang alagad ng katas-taasang Diyos.

Ang nasaksihang tagumpay ni David ay nagbigay tapang sa mga Israelita. Nilusob nila ang mga Filisteo na nagulantang at nawalan ng lakas ng loob. Hinabol ng mga naghihiyawang sundalo ni Haring Saul ang mga umatras na kalaban.

Sa araw na iyon ang pangalan ni David ay inukit sa kasaysayan ng bansang Israel, ang bayan ng Diyos.

***Multiple Choice:***

1. Basahin ang 1 Samuel 17:32-37, alin sa mga sumusunod na statement ang hindi tama?
   a. Sinabi ni David kay Saul na nakaya niyang ipagtanggol ang kawan ng kanyang ama laban sa mabangis na leon.
   b. Sinabi ni Saul na kayang-kaya pabagsakin ni David ang higanteng Philistine sapagkat siya ay bata pa at malakas ang katawan.
   c. Sinabi ni David kay Saul na ang Diyos ang nagligtas sa kanya sa mababangis na leon at mga oso.

2. Ayon sa 1 Samuel 17:45-47, alin sa mga pangungusap ang tama?
   a. Makikita ng lahat na sasaksi sa labanang David at Goliath na magaling na kawal si David.
   b. Sinabi ni David kay Goliath na lalabanan niya ang higante sa pamamagitan ng bato at tirador.
   c. Sa labanang David at Goliath, malalaman ng buong daigdig na may Diyos sa Israel.

3. Anong character ni David ang mapagmamasdan sa 1 Samuel 17:45-47
   a. Faithfulness
   b. Humility
   c. Perseverance
   d. All of the above

4. Alin sa mga pangungusap ang hindi tugma sa ating nabasa sa 1 Samuel 17:32-47?
   a. Sinabi ni David kay Goliath na lalabanan niya ito sa pangalan ni Yahweh, ang Makapangyarihang Diyos ng Israel.
   b. Makikita ng lahat ng nakakasaksi na makapagliligtas si Yahweh kahit walang tabak at sibat.
   c. Patakbong sinalubong ni David si Goliath at tinirador ang higante sabay sinibak ang leeg kaya ito namatay.
   d. Ang lahat ng pangungusap ay hindi tama.

© May 2024 Conrad Jun Tolosa
All rights reserved. No part of this material may be reproduced, stored in a retrieval system, or transmitted in any form or by any means except for brief quotations for the purpose of review or comments, without the prior permission of the publisher, Philippine Biblical Worldview Foundation, Inc.